DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

# (no subject)

1 message

**Rheaglenda Gomez** <gomezrheaglenda@gmail.com> Tue, Oct 26, 2021 at 10:50 AM
To: DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

Langblangeban,Aberawan,
El Nido, Palawan

October 26, 2021

HON. RODRIGO ROA DUTERTE
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
MALACANANG PALACE
MANILA

THRU:
HON. JAIME LLAGUNO MABILIN
DIRECTOR IV
PRESIDENTIAL COMPLAINT CENTER
MALACANANG MANILA
pcc@malacananggov.ph

Sir/ Madam:

Butihin naming Presidente, eto po ang problema namin ngayon. Napakaraming mga delaying tactics sa pag-aproba ng Survey Return ni Ricardo Gomez. Una po, matagal na po nagkaroon ng verification ang mga ilegal na mga pagkakakilanlan ng lote tulad ng Lot 121 PLS 31. Eto ang binibigyan nila ng pag-aaksaya ng mahabang panahon. Katulad din ng nangyayari sa amin ngayon. Email po kami ng email na walang kabuluhan. Kasi ang pinag-aaksiyahan ngayon ay mga topics na mga ilegal. Kailan po ba kami maghaharap para makapagpakita ng mga legal na mga dokumento? Nirerequest ko po na kung maaari ay dito sa Penro Palawan kami magharap harap. Dahil talagang wala kaming pera. Tutal po ang mga DENR opisyales ng DENR MIMAROPA ay suportado ang gastusin nila ng ating gobyerno. Sawang sawa na po ako sa pagpapaliwanag at pagpapatotoo ng mga ilegal na nangyayari sa lupa ni Ricardo Gomez. Tulad po ngayon, may natanggap po akong sulat mula Kay Regional Executive Director Madam Ferrer. Humingi ng sertipikadong kopya. Matagal na po naming ibinigay ito at kami naman po ay may pinag-aralang tao at bakit ang DENR MIMAROPA ay hindi makaintindi sa ibinibigay naming

dokumento na pawang legal naman at may kabuluhan sa ating gobyerno. Kaya ngayon po dahil kumakalat na ang Covid sa amin,hinihiling ko po na matapos na ang kaso dito sa Penro Palawan. Aksyunan na po ninyo ito. Maawa na po kayo sa amin. Matatanda na po kami. Sobrang paghihirap dinadanas namin. Kaya wakasan na po natin ang ginagawa naming ito sa pagharap harap sa Penro Palawan na pinakamaayos at katanggap tanggap na paglutas ng suliranin ngayon panahon ng Covid.

Sa pagharap harap po namin at pagpapakita namin ng mga legal na ebidensya ay lalabas ang katotohanan na hindi na dapat humaba ang kaso humigit kumulang walong taon. Sayang lamang ang panahon ito na halos delaying tactics ang nangyayari na isa sa dahilan kung bakit nagkakaroon tayo ng anomalya at korapsyon sa ating bansa.

Maraming marami pong salamat at inaasahan po namin na pagbibigyan po ninyo kami sa amin kahilingan.

Gumagalang,

Trinidad M. Gomez
Asawa ni Roger P. Gomez Sr.

Copy Furnished:

HON. ROY A. CIMATU
DENR SECRETARY
CENTRAL OFFICE MALAPANGHUKUMAN

THRU:

MERLINDA R. MANILA
Head, DENR Action Center/Hotline
Asst. Focal Person, Anti-Corruption
Coordinating Task Force, DENR-PACC
Asst. Focal Person, 8888 Citizens' Complaint
Hotline
in concurrent capacity
actioncenter@denr.gov.ph

HON. Maria Lourdes G. Ferrer CESO III
REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR
REGION IV B MIMAROPA
mimaropadenr@gov.ph

USEC BENNY ANTIPORDA
UNDERSECRETARY FOR SOLID WASTE
Management AND LOCAL GOVERNMENT UNITS
CONCERNED
ohea.denr@gmail.com

Sent from my Huawei phone